# *Ang Pagsisisi Yugto 2. Ang Pagsisisi ni Rahab*

***“1 Ang pasimula ng evangelio ni Jesucristo, ang Anak ng Dios. 2 Ayon sa pagkasulat kay Isaias na propeta, Narito, sinusugo ko ang aking sugo sa unahan ng iyong mukha, Na maghahanda ng iyong daan; 3 Ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang, Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon, Tuwirin ninyo ang kaniyang mga landas; 4 Dumating si Juan, na nagbabautismo sa ilang at ipinangaral ang bautismo ng pagsisisi sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan.” (Marcos 1:1-4)***

Tayo’y magpapatuloy upang salitain sa mensaheng ito ang tungkol sa pagsisisi. Gaya ng ating makikita mula sa Marcos 1 na ang mensahe ni Juan Bautista na dumating upang ihanda ang daan para sa Panginoong Jesus ay ang mensahe ng pagsisisi para sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan. Ang parehong ay mababasa natin sa Lucas, ***“1 Nang ikalabinglimang taon nga ng paghahari ni Tiberio Cesar, na noo'y gobernador sa Judea si Poncio Pilato, at tetrarka sa Galilea si Herodes, at ang kaniyang kapatid na si Felipe ay tetrarka sa lalawigan ng Iturea at Traconite, at si Lisanias ay tetrarka sa Abilinia, 2 Nang kasalukuyang mga pangulong saserdote si Anas at si Caifas, ay dumating ang salita ng Dios kay Juan, anak ni Zacarias, sa ilang. 3 At siya'y napasa buong lupain sa palibotlibot ng Jordan, na ipinangangaral ang bautismo ng pagsisisi sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan;” (Lucas 3:1-3)***

Maging pagkatapos ipinabilanggo si Juan Bautista, si Jesus ay dumating at sinimulan ang Kanyang ministerio ang Kanyang mensahe ay ang mensahe ng pagsisisi, ***“14 Pagkatapos ngang madakip si Juan, ay napasa Galilea si Jesus na ipinangangaral ang evangelio ng Dios, 15 At sinasabi, Naganap na ang panahon, at malapit na ang kaharian ng Dios: kayo'y mangagsisi, at magsisampalataya sa evangelio.” (Marcos 1:14-15)*** Harapang sinabi ni Jesus sa mga tao na magsisi at manampalataya sa evangelio. Kaya’t malinaw na sinunod ni Jesus ang tamang pagkasunod-sunod; magsisi pagkatapos manampalataya sa evangelio, na si Jesus ang Mesiyas, na dumating upang iligtas ang sanglibutan mula sa kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang pagkamatay sa krus; upang ang kaligtasan ay dumating at ang mga tao ay makapasok sa Kaharian ng Dios.

Sinabi din ni Jesus sa Kanyang mga alagad pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay mula sa mga namatay ang sumusunod: ***“46 At sinabi niya sa kanila, Ganyan ang pagkasulat, na kinakailangang maghirap ang Cristo, at magbangong muli sa mga patay sa ikatlong araw; 47 At ipangaral sa kaniyang pangalan ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan sa lahat ng mga bansa, magbuhat sa Jerusalem.” (Lucas 24:46-47 KJV)*** na nangangahulugan na si Cristo pagkatapos ng Kanyang pagdurusa at pagkabuhay mula sa mga namatay na ang pagsisisi at pagpapatawad sa mga kasalanan ay maipangaral sa Kanyang pangalan. Kaya’t napakalinaw na ipinakita rito na ang mensahe ni Cristo ay kinakailangang maiugnay sa pangangaral ng pagsisisis upang ang kapatawaran ng mga kasalanan ay mangyari at ang kaligtas ay susunod.

Ang apostol ni Jesus ay tumugon kay Cristo, at tunay na si Pedro sa araw ng Pentecoste ay ipinangaral ang tungkol kay Cristo, ang Kanyang kamatayan at pagkabuhay at tawagin ang mga tao na magsisi sa kanilang mga kasalanan at mabautismo sa pangalan ni Jesus para sa ikapagpapatawad ng kanilang mga kasalanan, ***“38 At sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.” (Mga Gawa 2:38 KJV)*** Si Pedro ay nagpatuloy na himukin ang mga tao na iwanan ang buhay ng kasalanan at lisanin ang kasamaan at likong lahi; lumbas mula sa mga hindi nanampalataya kay Jesus, ***“40 At sa iba pang maraming salita ay nagpatotoo siya, at nangaral sa kanila, na sinasabi, Magsiligtas kayo sa likong lahing ito.” (Mga Gawa 2:40 KJV)*** Kaya bahagi ng pagsisisi ay lumabas mula sa kasamaan at masamang henersayon. Yaong mga nagsisi at tumugon tinanggap nila ang Bautismo ng tubig. ***“41 Yaon ngang nagalak na tinanggap ang kaniyang salita ay nangabautismuhan: at nangaparagdag sa kanila nang araw na yaon ang may tatlong libong kaluluwa.” (Mga Gawa 2:41)*** Pagkatapos ng pagsisisi ang mga nanampalataya sa Panginoong JesuCristo asy kinakailangang mabautismuhan sa tubig upang ibaon ang lumang buhay ng kasalanan.

Si Apostol Pablo pagkatapos ng kanyang pagbabagong loob ay sinimulang ipangaral ang mensahe, at ang kanyang mensahe ay ang mensahe ng pagsisisi gaya ng mababasa natin dito, ***“21 Na sinasaksihan ko sa mga Judio at gayon din sa mga Griego ang pagsisisi sa Dios, at ang pananampalataya sa ating Panginoong Jesucristo.” (Mga Gawa 20:21 KJV)***

Ang kahulugan ng pagsisisi ay kabuuang pagbabago ng buhay, isang bagong nilalang, na may bagong plano mula sa Dios para sa buhay. Pag-aaralan natin ngayon ang buhay ni Rahab ang patutot at kung paanong siya’y nagsisi at bumalik sa Dios, kung paano siya’y pinagpala at ang kanyang buhay ay naging pagpapala sa bayan ng Dios, at kahit sa ngayon ang kanyang buhay ay isang pagpapala upang pagnilayan.

Ang kanyang pangalan ay binanggit sa Bagong Tipan na mas higit pa sa isang beses, ***“3 At naging anak ni Juda kay Tamar si Fares at si Zara; at naging anak ni Fares si Esrom; at naging anak ni Esrom si Aram; 4 At naging anak ni Aram si Aminadab; at naging anak ni Aminadab si Naason; at naging anak ni Naason si Salmon; 5 At naging anak ni Salmon kay Rahab si Booz; at naging anak ni Booz kay Rut si Obed; at naging anak ni Obed si Jesse.” (Mateo 1:3-5 KJV)***

Si Rahab o Rachab, sa kanyang naunang buhay, bago siya lumapit sa totoong Dios siya ay nabubuhay at nagtatrabaho bilang isang patutot. Sa Bagong Tipan ay sinasalita ang tungkol sa kanya patungkol sa kanyang panindigan sa pagbibigay ng tuluyan sa mga espiya na ipinadala ni Joshue upang tiktikan ang lungsog ng Jerico. ***“Sa pananampalataya'y hindi napahamak na kasama ng mga manunuway, ang patutot na si Rahab, na tumanggap na payapa sa mga tiktik.” (Hebrew 11:31)*** Pinili ni Rahab na huwag mamatay, ngunit pinili niya ang buhay at kapayapaan nang tinanggap niya ang mga tiktik at tinanggap ang mensahe na kanilang dinala at niyakap ang kanilang misyon. Siya’y gumawa ng pasya at nagpasya siya na sumunod sa Dios. ***“At gayon din naman hindi rin baga si Rahab na patutot ay***

***inaring ganap sa pamamagitan ng mga gawa, dahil sa tinanggap niya ang mga sugo, at kaniyang pinapagdaan sila sa ibang daan?" (Santiago 2:25 KJV)*** Ang pananampalatayang walang gawa ay patay, at si Rahab ay hindi inaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya lamang kundi sa pamamagitan ng kanyang mga gawa sa pagtanggap, mananampalataya at pagpoprotekta sa mga tiktik na ipinadala sa kanya.

Ang pagsisisi ni Rahab ating matutunan ito nang mas malinaw kung paroroon ka at babasahin ang aklat ni Joshue; maaring mong malaman na si Rahab ay nagbigay ng tuluyan sa mga espiya, nagpakita sa kanila ng pagkamapagpatuloy, at itinago sila mula sa mga kawan ng hari ng Jerico. Handa si Rahab na ipagsapalaran ang kanyang buhay upang protektahan ang mga espiya mula sa kamay ng hari ng hari ng Jerico. Basahin natin, ***"1 At si Josue na anak ni Nun ay nagsugong lihim mula sa Sittim ng dalawang lalake na pinakatiktik, na sinasabi, Yumaon kayo na inyong kilalanin ang lupain, at ang Jerico. At sila'y yumaon at pumasok sa isang bahay ng isang patutot na ang pangalan ay Rahab, at nakituloy doon. 2 At ito'y nasaysay sa hari sa Jerico, na sinasabi, Narito, may mga lalake, sa mga anak ni Israel na pumasok dito ngayong gabi upang kilalanin ang lupain.*** (Pagmasdan dito na walang ibang bahay sa bayan na tumanggap sa kanila kundi si Rahab lamang. Bakit? Sila'y hindi sumang-ayon o pumayag sa kanilang misyon at ng mensahe at sa katuruan na kanilang dinadala sa kanila. Ngunit si rahab ay binuksan ang kanyang buhay at ang kanyang bahay sa bayan ng Dios at ipnakita niya ang kagandahang loob sa kanila, biniyan niya siya ng pagkain at matutuluyan. Mula sa buong lungsod ng Jerico ay isang bahay at isang pamilya ang tumugon. Sa pagsisisi ang buhay ay kinakailangang mabago at gawin ang mabuting gawain na nais ng Dios na gawin nila). ***3 At ang hari sa Jerico ay nagsugo kay Rahab, na sinasabi, Ilabas mo ang mga lalake na naparito sa iyo, na pumasok sa iyong bahay; sapagka't sila'y naparito upang kilalanin ang buong lupain.*** (Inilagay ni Rahab ang kanyang sarili sa ilalim sa panganib ng hari. Hindi siya nasiyahan na panatilihin ang kanyang pakikipagkaibigan sa hari, dahil siya'y nagpasyang maniwala sa Hari ng mga hari, si Jesus, ang ating Joshue upang dalhin sa atin ang buhay na walang hanggan). ***4 At ipinagsama ng babae ang dalawang lalake at ikinubli, at sinabi niya, Oo, ang mga lalake ay naparito sa akin, nguni't hindi ko talastas kung sila'y taga saan: 5 At nangyari, sa may oras ng pagsasara ng pintuang-bayan, nang madilim na, na ang mga lalake ay lumabas; hindi ko talastas kung saan naparoon ang mga lalaking yaon; habulin ninyong madali sila; sapagka't inyo silang aabutan. 6 Nguni't kaniyang isinampa sila sa bubungan, at ikinubli sa mga puno ng lino, na kaniyang inilagay na maayos sa bubungan. 7 At hinabol ng mga tao sila sa daan na patungo sa Jordan hanggang sa mga tawiran: at pagkalabas ng humabol sa kanila, ay kanilang sinarhan ang pintuang-bayan." (Joshue 2:1-7 KJV)*** Sinikap ni Rahab na itago sila at protektahan mula sa hari ng Jerico, at siya'y nagtagumpay sa paggawa niyon. Ang ilan ay nagsasabi na siya'y nagsinungaling. Iyon ay hindi isang pagsisinungaling na isasaalang-alang ng Dios bilang kasalanan, ngunit iyon ay sapilitan upang protektahan ang bayan ng Dios, Ang pagsisisi ay hindi nagbibigay ng impormasyon sa mga kaaway, kahit sa mga bulaang kapatid na nagtatrabaho sa diablo na nais sirain ang simbahan. Dapat nating itago ang sakdal na impormasyon gaya ng mga pantas na lalaki mula sa silangan na itinago ang lugar ng kapanganakan ni Jesus nang sila'y hindi bumalik kay Herodes na naghahanap kay Jesus upang patayin Siya.

Narinig ni Rahab ang mabuting balita tungkol sa Panginoon at ipinahayag din niya sa mga tiktik ang kanyang pananampalataya at kanyang pagtitiwala lamang sa totoong Dios na ating Panginoon. Naniwala din siya na ibibigay ng Dios ang lupain sa Kanyang bayan, sa mga Israelita para sa kanilang mana gaya ng ipinangako Niya sa kanila. ***"8At bago sila nahiga, ay sinampa niya sila sa bubungan. 9 At sinabi niya sa mga lalake, Talastas ko na ibinigay sa inyo ng Panginoon ang lupain, at dinatnan kami ng pangingilabot sa inyo at ang lahat na nananahan sa lupain ay nauupos sa harap niño. 10 Sapagka't aming nabalitaan kung paanong tinuyo ng Panginoon ang tubig sa Dagat na Mapula sa harap ninyo, nang kayo'y lumabas sa Egipto; at kung ano ang inyong ginawa sa dalawang hari ng mga Amorrheo, na nangasa dako roon ng Jordan, kay Sehon at kay Og, na inyong lubos na pinuksa. 11 At pagkabalita namin, ay nanglumo ang aming puso, ni walang diwa na naiwan sa kanino mang tao, dahil sa inyo; sapagka't ang Panginoon ninyong Dios, ay siyang Dios sa langit sa itaas, at sa lupa sa ibaba." (Joshue 2:8-11 KJV)*** Ang lahat ng naninirahan sa lungsod ay narinig ang tungkol sa mga Israelita at kung anong ginawa ng Dios sa kanila, ngunit sila'y hindi nagsisi at hindi nila isinuko ang kanilang buhay sa Dios at sa mga ipinadala ng Dios sa kanila, maliban kay Rahab.

Bahagi ng pagsisisi ni Rahab ay ipinagsumamo niya ang kanyang pamilya upang maligtas, ***"12 Ngayon nga, isinasamo ko sa inyo, sumumpa kayo sa akin sa pangalan ng Panginoon, na kung paanong ako'y nagmagandang loob sa inyo ay magmamagandang loob naman kayo sa sangbahayan ng aking magulang, at bibigyan ninyo ako ng tunay na tanda; 13 At inyong ililigtas na buhay ang aking ama, at ang aking ina, at ang aking mga kapatid na lalake at babae, at ang lahat nilang tinatangkilik, at inyong ililigtas ang aming mga buhay sa kamatayan." (Joshue 2:12-13 KJV)*** Hiniling ni Rahab ang kaligtasan ng kanyang mga kasapi ng pamilya, kanyang ama, at ng kanyang ina, ng kanyang mga kapatid na lalaki at babae na maligtas.

Hindi ipinagsumamo ni Rahab ang buhay ng kanyang kasintahang lalaki at yaong mga lalaking nakasama niya sa kanyang negosyo upang maligtas; iyon ay panibagong tanda ng kanyang pagsisisi at panibagong tanda na nagpapakita ng kanyang totoong pagpapanibagong loob at ng kanyang kahandaang mabuhay sa kabanalan at malayo sa kasalanan. Si Rahab ay hindi kasal at batid niya iyon upang lumapit sa totoong Dios at mapasa Kanyang bayan kung gayon kailangan niyang lumayo mula sa anumang ipinagbabawal na relasyon sa labas ng pag-aasawa. Marami sa mga lumalapit kay Cristo, sinasabi ang tungkol sa kanilang dating kasintahang lalaki o kasintahang babae. Ang kasintahang lalaki at kasintahang babae ay pareho sa pakikipag-ugnayan sa labas ng kasal at itinuturing na imoralidad.

Ang Salita ng Dios ay nagsasabi sa atin ng mga sumusunod: ***"17 Kaya't kung ang sinoman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang: ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila'y pawang naging mga bago." (2 Corinto 5:17 KJV)*** Ang Dios ay may mabuting plano para kay Rahab at may mabuting plano ang Dios para sa mga lalapit kay Cristo at nais Niya sa kanila na mabuhay sa mga bagong plano na mayroon Siya sa kanila. Kinalimutan ni Rahab ang kanyang dating buhay at nagpasyang ipamuhay ang kanyang bagong buhay sa Dios kaya't siya'y nagpasyang iwanan ang kanyang dating buhay, ang kanyang dating mga kaugnayan sa ibang lalaki, at kahit ang kanyang trabaho.

Ang halimbawa ni Rahab ay maiisapalat sa buhay ng simbahan ngayon. Maraming lumalapit sa Panginoong Jesucristo at sa pagpapasyang iyon at bilang bahagi ng kanilang pagsisisi kailangan nilang iwanan ang dating buhay patungkol sa kasintahang lalaki at kasintahang babaeng relasyon at sa lahat ng labas sa kasal na relasyon.

Tiniyak ng mga tiktik kay Rahab ang tungkol sa kanyang kahilingan kung _Una,_ hindi niya sasabihin ang kanilang pakay sa iba: ***"14 At sinabi ng mga lalake sa kaniya, Ang aming buhay ay ilalagak namin sa inyo, kung hindi ninyo ihahayag itong aming pakay; at mangyayari, na pagka ibinigay sa amin ng Panginoon ang lupain, kami ay magmamagandang loob at magtatapat sa inyo. 15 Nang magkagayo'y kaniyang pinababa sila sa pamamagitan ng isang lubid sa dungawan: sapagka't ang kaniyang bahay ay nasa kuta ng bayan, at siya'y tumatahan sa kuta. 16 At sinabi niya sa kanila, Pumaroon kayo sa bundok, baka kayo'y abutan ng manghahabol sa inyo; at kayo'y magkubli roon na tatlong araw, hanggang sa magsibalik ang mga manghahabol: at pagkatapos ay makayayaon kayo ng inyong lakad.*** (Binigyan sila ng kautusan upang protektahan sila. Ang kanyang puso ay napasa bayan ng Dios at hindi na sa kanyang sariling bayan, itong lahat ay nagpapakita ng pagbabago na naganap sa kanya). ***17 At sinabi ng mga lalake sa kaniya, Kami ay hindi magpapakasala sa sumpang ito, na iyong ipinasumpa sa amin. 18 Narito, pagka kami ay pumasok sa lupain, ay iyong itatali itong panaling pula sa dungawan na iyong pinagpababaan sa amin: at iyong pipisanin sa iyo sa loob ng bahay ang iyong ama, at ang iyong ina, at ang iyong mga kapatid, at ang buong sangbahayan ng iyong ama. 19 At mangyayari, na sinomang lalabas sa mga pintuan ng iyong bahay sa lansangan, ay mabububo sa kaniyang ulo ang kaniyang dugo at hindi namin magiging kasalanan: at sinomang kasama mo sa bahay ay mahuhulog sa aming ulo ang dugo niya, kung may magbuhat sa kaniya ng kamay. 20 Nguni't kung iyong ihayag itong aming pakay, ay hindi namin ipagkakasala ang pagkapanumpa sa iyo, na iyong ipinapanumpa sa amin. 21 At kaniyang sinabi, Ayon sa inyong mga salita, ay siya nawang mangyari. At kaniyang pinapagpaalam sila at sila'y yumaon: at kaniyang itinali ang panaling pula sa dungawan." (Joshua 2:14-21 KJV)***

Binigyang diin ng mga tiktik kay Rahab, _Pangalawa,_ upang gawin ang bagay na ito, magtali ng panaling pula sa kanyang bintana: ***"17 At sinabi ng mga lalake sa kaniya, Kami ay hindi magpapakasala sa sumpang ito, na iyong ipinasumpa sa amin. 18 Narito, pagka kami ay pumasok sa lupain, ay iyong itatali itong panaling pula sa dungawan na iyong pinagpababaan sa amin: at iyong pipisanin sa iyo sa loob ng bahay ang iyong ama, at ang iyong ina, at ang iyong mga kapatid, at ang buong sangbahayan ng iyong ama." (Joshue 2:17-18 KJV)*** At, _Pangatlo_, pinahintulutan lamang siya ng mga tiktik na dalhin ang sangbahayan ng kanyang ama, ***"Narito, pagka kami ay pumasok sa lupain, ay iyong itatali itong panaling pula sa dungawan na iyong pinagpababaan sa amin: at iyong pipisanin sa iyo sa loob ng bahay ang iyong ama, at ang iyong ina, at ang iyong mga kapatid, at ang buong sangbahayan ng iyong ama." (Joshue 2:18 KJV)*** Sa parehong paraan, tayo bilang simbahan ay hindi dapat pahintutan ang bagong nagbalik-loob na dalhin kasama nila ang kanilang kasintahang lalaki o ang kanilang kasintahang babae; huwag dapat nating pahintulutan o kunsintihin ang imoralidad sa buhay ng simbahan.

Patungkol sa pag-aasawa para bagong nagbalik loob, ang Dios ay mayroong bagong plano para sa bagong mga mananampalataya kay Cristo at hindi Niya isasaalang-alang ang kanilang dating naunang masamang walang bungang pakikipagrelasyon. Maari mong itanong paano sila mag-aasawa? Ito ang sagot. Sila'y mag-aasawa gaya ng pag-aasawa ni Rahab. Si Rahab ay tunay na nagsisi at naunawaan ang aral nang mabilis Gusto niyang maligtas ang kanyang buong pamilya; kaya't kailangan niyang matali sa kanyang pangako upang ang kaligtasan ng Dios ay dumaloy sa buhay ng kanyang pamilya.

Sa madaling salita, si Rahab ay hindi matatanggap ng bayan ng Dios, ni hindi niya magagawang ipakillala ang kabanalan ng Dios sa buhay ng kanyang pamilya maliban kung aalisin niya ang kanyang dating pakikipagrelasyon sa labas ng kasal at ng kanyang dating prostitusyon, trabaho at negosyo. Tiyak na si Rahab ay kaagad na nagpatuloy at nilinis ang kanyang buhay at ang kanyang sangbahayan mula sa mga bagay na hindi kalugod lugod sa Dios, at dinala niya ang lahat ng kanyang kamag-anak sa kanyang bahay upang dalhiin sila sa Dios. Iyan ay ang tunay at totoong pagsisisi.

Ang bayan ng Jerico pagkatapos ng pagguho ng pader, ang lahat ng bagay sa lungsod ng bayang iyon ay nasira at itinalaga sa Dios gaya ng mababasa natin dito, ***"22 At sinabi ni Josue sa dalawang lalaking tumiktik sa lupain, Pumasok kayo sa bahay ng patutot, at ilabas ninyo roon ang babae, at ang lahat niyang tinatangkilik, na gaya ng inyong isinumpa sa kaniya. 23 At ang mga binata na mga tiktik ay pumasok, at inilabas si Rahab, at ang kaniyang ama, at ang kaniyang ina, at ang kaniyang mga kapatid, at lahat ng kaniyang tinatangkilik; lahat niyang kamaganakan naman ay kanilang inilabas; at kanilang inilagay sila sa labas ng kampamento ng Israel. 24 At kanilang sinunog ng apoy ang bayan, at lahat na nandoon: ang pilak lamang, at ang ginto, at ang mga sisidlang tanso at bakal, ang kanilang ipinasok sa silid ng kayamanan ng bahay ng Panginoon. 25 Nguni't si Rahab na patutot at ang sangbahayan ng kaniyang ama, at ang lahat niyang tinatangkilik, ay iniligtas na buhay ni Josue; at siya'y tumahan sa gitna ng Israel, hanggang sa araw na ito; sapagka't kaniyang ikinubli ang mga sugo na sinugo ni Josue upang tumiktik sa Jerico." (Joshue 6:22- 25 KJV)*** Si Joshue, nang nakuha niya ang bayan, si Rahab at ang sangbahayan ng kanyang ama ay naligtas at inilabas sa kampamento upang higit na masuri at mapatunayan. ***"23 At ang mga binata na mga tiktik ay pumasok, at inilabas si Rahab, at ang kaniyang ama, at ang kaniyang ina, at ang kaniyang mga kapatid, at lahat ng kaniyang tinatangkilik; lahat niyang kamaganakan naman ay kanilang inilabas; at kanilang inilagay sila sa labas ng kampamento ng Israel." (Joshue 6:23 KJV)*** Ang simbahan ay dapat maging maingat at suriing mabuti ang buhay ng bagong mananampalataya na lalapit kay Cristo. Ang simbahan ay hindi dapat magbigay kaagad ng ministeryo sa mga bagong dating at sa mga bagong nagbalik-loob maliban na lamang kung sila ay masuri nang mabuti at ang kanilang espirituwal na katayuan ay malinis.

Hindi inisip ni Rahab ang takot ng pagkawala ng dating mga relasyon sa ibang mga lalaki, at hindi niya hiniling sa mga tiktik na kung maari nilang isaayos sa kanya na magkaroon ng asawa at pamilya. Hindi ka dapat matakot na iwanan ang dating buhay at ang dating mga

relasyon. Kailangan mong magtiwala sa Dios na mayroong Siyang mabuting plano para sa iyo. Sinabi ni Pablo sa mga taga-Corinto, ***“2 Sapagka't ako'y naninibugho tungkol sa inyo ng panibughong ukol sa Dios: sapagka't kayo'y aking pinapagasawa sa isa, upang kayo'y maiharap ko kay Cristo na tulad sa dalagang malinis.” (2 Corinto 11:2)*** Ang pamumuhay para kay Cristo ay dapat ang hangarin at layunin lamang ng paglapit sa Dios, at walang ibang dahilan. At sa pagsunod mo sa paraang gaya ng ginawa ni Rahab, naghihintay sa iyo ng gantimpala mula sa Dios at matatanggap mo ito.

Ang pagkamasunurin ni Rahab, ang kanyang tunay na pagsisisi at ang kanyang pananampalataya ay maaaring matunton pa:

- Isinuko ni Rahab ang kanyang trabaho at ang kanyang magpagkukunan ng pagkakakitaan alang-alang sa Dios.
- Isinuko ni Rahab ang kanyang mga kasintahang lalaki at ang lahat ng kanyang mga kaibigan alang-alang sa Dios.
- Nawala ni Rahab ang kanyang bahay sa kuta ng Jerico alang-alang sa Dios.
- Nawala ni Rahab ang kanyang nasasakupan ang kanyang bayan na siya ay lumaki alang-alang sa Dios.
- Nagtiwala si Rahab sa Dios, na kahit ang kuta ay bumagsak at kahit na siya ay nasa kanyang bahay na kung saan ay nasa kuta ng Jerico, naniniwala pa rin siya na kaya ng Dios at ililigtas siya at yaong kasama niya mula sa pagbagsak ng kuta.

Para sa lahat ng kanyang pagsunod, gaya ng iyong binasa dito, si Rahab ay ginantimpalaan at ipinaloob sa bayan ng Dios at siya’y binigyan ng isang pamilya at isang ministeryo, ***“3 At naging anak ni Juda kay Tamar si Fares at si Zara; at naging anak ni Fares si Esrom; at naging anak ni Esrom si Aram; 4 At naging anak ni Aram si Aminadab; at naging anak ni Aminadab si Naason; at naging anak ni Naason si Salmon; 5 At naging anak ni Salmon kay Rahab si Booz; at naging anak ni Booz kay Rut si Obed; at naging anak ni Obed si Jesse.” (Mateo 1:3-5 KJV)*** Ang asawa ni Rahab o Rachab ay si Salmon ang anak ni Nashon na pinuno ng angkan ng Juda sa ilang, ***“10 At naging anak ni Ram si Aminadab; at naging anak ni Aminadab si Nahason, na prinsipe ng mga anak ng Juda; 11 At naging anak ni Nahason si Salma, at naging anak ni Salma si Booz;” (1 Cronica 2:10-11 KJV)*** Ginantimpalaan ng Dios si Rahab ng ministerio at ginantimpalaan ang Kanyang simbahan sa pag-aasawang iyon; na mula kay Rahab si Haring David ay dumating at kalaunan, ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si JesuCristo, ang pangulo ng simbahan at ang kapitan ng ating kaligtasan, ***“5 At naging anak ni Salmon kay Rahab si Booz; at naging anak ni Booz kay Rut si Obed; at naging anak ni Obed si Jesse. 6 At naging anak ni Jesse ang haring si David; at naging anak ni David si Salomon, doon sa naging asawa ni Urias;” (Mateo 1:5-6 KJV)***

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Si Rahab ay mayroong dakilang patotoo at ang kanyang pagsisisi ay nakapagpahikayat sa bayan ng Dios at nadagdagan ang kanilang pananampalataya at hinikayat silang magpatuloy na kunin ang bayan ng Jerico, ***“22 At sila'y yumaon at naparoon sa bundok, at tumahan doon na tatlong araw, hanggang sa nagsibalik ang mga manghahabol; at hinanap sila ng mga manghahabol sa lahat ng daan, nguni't hindi sila nasumpungan. 23 Nang magkagayo'y nagsibalik ang dalawang lalake at bumaba sa bundok, at tumawid at naparoon kay Josue na anak ni Nun; at kanilang isinaysay sa kaniya ang lahat na nangyari sa kanila.24 At kanilang sinabi kay Josue, Tunay na ibinigay ng Panginoon sa ating mga kamay ang buong lupain; at bukod dito'y nangliliit ang lahat na nananahan sa lupain sa harap natin.” (Joshue 2:22-24 KJV)*** Ang impormasyon na ibinigay ni Rahab sa dalawang tiktik at ang kanyang panindigan kasama nila at ang kanyang pag-alalay sa kanilang misyon ay nakapaghikayat at nabuhayan ang buong simbahan na magpatuloy sumulong para maglingkod sa Dios. Ang iyong pagsisisi at ang iyong panindigan sa Dios at sa Kanyang simbahan at ang iyong saloobin sa anumang paraan, ay may malaking epekto sa buhay ng simbahan at sa paglilingkod.

Ang Panginoon at may palaging mabuting plano para sa iyo at sa Kanyang simabahan. Ang plano ito ay mabubuksan at magkakatotoo lamang kapag ang Kanyang simbahan at ikaw ay handa na lubusang sumunod sa Kanya at gawin ang Kanyang kalooban sa pagsunod sa mga alintuntunin ng Kanyang Salita at pagsasabuhay nito sa iyong buhay pagkatapos ay makikita natin ang mga bagong maka-Dios na pag-aasawa at pamilya na magaganap at bagong maka-Dios na mga anak na pinalaki at ang mga ministeryo ng Dios at ang Kanyang kalooban ay magpapatuloy.

Tayo ngayon ay lumapit sa Panginoon at maging handang magsisi mula sa lahat ng ating mga kasalanan at talikuran ang mga ito. Tayo ay maging handing mangabunga ng bunga ng pagsisisi. Isuko natin sa Dios at sa katuruan at sa tagubilin na tinanggap natin sa mensaheng ito. Ipangako natin ang ating sarili na mamuhay sa Dios at gawin ang Kanyang kalooban at simulang maglingkod sa Kanya at ipamuhay ang ating buhay para sa Kanya.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios, Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing ngunit nabuhay na maguli mula sa mga namatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon ngayon ako’y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan at maling gawain:______________________________________________. Ngayon aking inilalagak ang aking pananamapalataya lamang Sa iyo. Aking ipinangako ang aking buhay mula sa araw na ito na mabuhay para as iyo at maglingkod sa iyo. Panginoong Jesus aking ipinangako ang aking sarili sa kautusan ng Bautismo ng tubig. Tulungan moa ko Panginoon na mabago at sumunod sa iyong mga landas, Salamat Sa iyo, Panginoon, para sa walang hanggang buhay at ganap na buhay kasama Ka. Ito ang akin panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon ako’y nanalangin para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na ipinangako ang kanilang buhay upang mabuhay para sa iyo. Panginoon pagpalain sila at protektaha sila at ibigay ang lahat ng kanilang mga kailangan. Panginoon ipagkalooba sa kanila ang kagalakan at kapayapaan, Panginoon puspusin sila ng Banal na Espiritu at ibigay sa kanila ang espirituwal na kaloob na kailangan nila sa kanilang buhay upang magpatuoy at maglingkod sa iyo.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan ar pangunahan kami at buksan sa amin ang bagong mga pintuan upang magevangelio at ibahagi ang aming buhay na mga patotoo sa iba upang makilala ka nila, magsisi sa kanilang mga kasalanan at sumunod sa iyo.*

*Panginoon paging dapatin kaming pumaroon at gumawa ng bagong mgs alagad at bautismuhan sila sa tubig yaong mga nagsisi. Panginoon pangunahan kami at tulungan kaming magsanay ng mga bagong manggagawa upang maglingkod sa iyo. Panginoon tulungan kaming magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan n i Jesus, Amen.*

Ang pagsisisi Yugto 2. Marcos 1:1-4. Lucas 3:1-3. Marcos 1:14-15. Lucas 24:46-47. Mga Gawa 2:38, 40-41. Mga Gawa 20:21. Mateo 1:3-6. Hebrew 11:31. Santiago 2:25. Joshue 2:1-24. 2 Corinto 5:17. Joshue 6:22-25. 2 Corinto 11:2. Mateo 1:3-5. 1 Cronica 2:10-11. Mateo 3:5-6.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com